



## **Coronavirus disease (COVID-19): Madaling maapektuhang populasyon at COVID-19**

Bagama't maaaring magkasakit ang sinuman, nasa mas matinding panganib ang ilang taga-Canada na makakuha ng impeksyon at magkaroon ng malalalang komplikasyon dahil sa kanilang pangkalusugan, panlipunan, at pang-ekonomiyang sitwasyon.

May mahalagang tungkulin ang mga organisasyon, kawani, at volunteer sa pagtulong na pigilan ang mga populasyong ito na makakuha ng o maikalat ang COVID-19 virus. Magsimula sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga simpleng bagay na puwede nilang gawin para mapanatili nilang walang sakit ang kanilang mga sarili at iba pang tao, gabayan sila para makatulong kung magkakaroon sila ng anumang senyales o sintomas, at matuto ng mga paraan para makatulong na maalagaan ang mga kliyenteng may sakit na nagpapagaling sa COVID-19.

### **Posibleng kasama sa mga madaling maapektuhang populasyon ang**

Sinumang:

- mas nakakatanda
- nasa panganib dahil sa mga naunang medikal na kundisyon (hal. sakit sa puso, altapresyon, diabetes, mga chronic respiratory disease, cancer)
- nasa panganib dahil sa nakompromisong immune system dulot ng medikal na kundisyon o panggagamot (hal. chemotherapy)

Sinumang:

- nahihirapang magbasa, magsalita, umintindi, o makipag-ugnayan
- nahihirapang mag-access ng medikal na pangangalaga o payo sa kalusugan
- nahihirapang gumawa ng mga aktibidad na makakapagpawis sa sakit, gaya ng madalas na paghuhugas ng kamay at pagtatakip ng bibig kapag umuubo at bumabahing
- may tuloy-tuloy na espesyal na medikal na pangangalaga o nangangailangan ng mga partikular na medikal na supply
- may tuloy-tuloy na pangangailangan o suporta sa pangangasiwa para mapanatili ang pagsasarili
- nahihirapang makapag-access ng transportasyon
- may mga ekonomikong hadlang
- may hindi tuloy-tuloy na trabaho o mahihirap baguhing kundisyon sa trabaho
- malayo sa lipunan o kabihasanan, gaya ng mga nasa malayo at nakahilaway na komunidad
- may hindi sigurado, hindi sapat, o walang kundisyon sa pabahay





## **Paano makakasuporta ang mga organisasyon sa madaling maapektuhang populasyon sa panahon ng pagkalat ng COVID-19**

Maglaan ng oras para matutunan ang mga impormasyon:

- Matuto pa tungkol sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbisita sa [Canada.ca/coronavirus](https://Canada.ca/coronavirus).
- Manatiling may alam tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng iyong komunidad.
- Makipag-ugnayan sa lokal, pamprobinsya, at teritoryal na opisyal ng pampublikong kalusugan para makakuha ng nauugnay na impormasyon, mapagkukunan, at gabay tungkol sa COVID-19.

Maglaan ng oras para maghanda:

- Suriin ang iyong plano sa pagpapatuloy ng negosyo para malaman mo at ng iyong mga kawani kung ano ang dapat gawin.
- Magplano nang maaga para sa mga potensyal na pagkaantala.
- Tukuyin at planuhin kung paano patuloy na maibibigay ang mga pinakamahalagang serbisyo.
- Makipagtulungan sa mga organisasyong nagbibigay ng mga katulad na serbisyo para makapagbahagi ng mga mapagkukunan at estratehiya.
- Maging handa para sagutin ang mga tanong mula sa mga kawani, volunteer, at kliyente.
- Pag-isipang mag-imbak ng mga pangkalahatang supply at panlinis na supply.
- Maghanda para sa mga limitasyon ng mga shelter at pampublikong lugar.

Turuan ang mga kawani tungkol sa mga paraan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19:

- Hugasan ang mga kamay nang madalas gamit ang sabon at mainit na tubig o gumamit ng alcohol-based na sanitizer.
  - gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer kung walang sabon at tubig
- Dagdagan ang access sa mga supply para sa hygiene ng kamay at mga dapat gawin kapag umuubo (hal. alcohol-based na hand rub, sabon, mga paper towel, tissue, at lalagyan ng basura).
- Paglilinis sa mga madalas na gamiting lugar, surface, at gamit (mga kusina, common area, kainan, mesa, nakabahaging tinutulugan, hawakan ng pinto, at gripo).
- Panatilihin ang physical distancing, magpanatili ng distansyang hindi bababa sa 2 metro mula sa ibang tao.
- Manatili sa bahay kapag may sakit.
- Pag-iwas sa paggamit ng mga napapahiram na personal na gamit.
- Pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kung may mga sintomas ng pagkakaroon ng sakit ang isang kawani o kliyente.



- Pagbabahagi ng mga hakbang tungkol sa kung paano mag-alaga at mag-isolate ng mga taong nakatira sa isang masikip na pasilidad (kasama ang paggamit ng mga hiwalay na palikuran, kung mayroon).
- Pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-alaga ng Mga Taong May Kapansanan.
- Pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kung paano magbigay ng mga serbisyo para sa mga taong walang tirahan.

### **Mga mungkahi para sa pagsuporta sa madaling maapektuhang populasyon sa panahon ng mga pagkalat ng COVID-19**

Magbigay ng malilinao na tagubilin sa kung paano maghugas ng mga kamay at magtakip ng bibig kapag umuubo gamit ang:

- pinakakaraniwang ginagamit na wika sa komunidad
- maiikling mensaheng nagpapaliwanag ng mga simpleng hakbang na puwede nilang gawin
- malaking font at graphics
- mga madaling ma-access na tagubilin (hal. braille, pictoral)
- paglalagay ng mga karatula sa mga common area malapit sa mga lababo, pasukan, intake area, palikuran, tulugan, lugar ng libangan, silid-hintayan

Pag-isipang suportahan ang mga alternatibong gaya ng:

- paggamit ng mga volunteer driver at naka-subsidize na bayad sa taxi sa halip na pampublikong transportasyon
- pagpapatupad ng mga alternatibong hakbang sa paglabas o “buddy” system
- pagsasama ng mga patakaran para payagan ang mga kliyenteng may sakit na magpahinga sa mga shelter kapag araw
- pagbibigay ng access sa pagkain, mga inumin, at supply, hangga’t maaari
- pagpapaalala sa mga kliyente na kumuha o kumuha ulit ng mga gamot, at importanteng medikal na supply

Lubusang ipinapayo sa mga organisasyong sumusuporta sa mga mas nakakatanda, taong nasa panganib dahil sa mga naunang medikal na kundisyon, o taong may nakompromisong immune system na:

- makipagtulungan sa kanilang mga kawani para limitahan ang kanilang trabaho sa iisang pasilidad, at limitahan ang mga lokasyon sa pasilidad kung saan nagtatrabaho ang mga empleyado.



- atasan ang lahat ng kanilang kawani at bisita na magsuot ng non-medical mask o pantakip sa mukha (ibig sabihin, gawa sa kahit dalawang patong ng telang mahigpit na tinahi, ginawa para ganap na takpan ang ilong at bibig nang walang siwang, at hinihigpitan sa ulo sa pamamagitan ng mga tali o ear loop) para makatulong na pigilan ang pagkalat ng mga potensyal na nakakahawang respiratory droplet mula sa isang taong posibleng hindi nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 sa iba pang tao (at ang kontaminasyon ng mga surface). Nagbibigay ang mga non-medical mask o pantakip sa mukha ng karagdagang proteksyon kapag hindi matitiyak ang physical distancing.
- huwag payagan ang mga pagbisita at hindi mahalagang serbisyo sa site sa kanilang mga pasilidad, maliban sa mga makatao o espesyal na sitwasyon
  - kung kailangan ang mga bisita o manggagawa ng serbisyo, i-screen sila para sa lagnat, ubo, o pangangapos ng hininga, at huwag silang papapasukin kung nagpapakita sila ng sintomas
- magpanatili ng mataas na antas ng pagkaalisto para matiyak na hindi makapasok sa trabaho ang mga kawaning may mga sintomas
  - huwag papasukin sa trabaho ang mga manggagawang may mga sintomas
  - i-screen ang mga kawani kung may mga sintomas sila bago simulan ang bawat shift, at
  - pauwiin ang mga kawani kung magkakaroon sila ng mga sintomas
- papasukin nang hindi sini-screen ang mga unang tutugon kapag may emergency sa mga emergency na sitwasyon
- ihinto ang anumang nakaplanong outing para sa mga residente - mahahalagang medikal na appointment lang ang dapat ituloy hangga't maaari
- sundin ang mga rekomendasyon para maiwasan ang pagkalat ng mga impeksyon, kabilang ang COVID-19, na binuo ng iyong nauugnay na pamprobinsya o teritoryal na awtoridad ng kalusugan

Kung hinihinala mong may COVID-19 ang isang kliyente, makipag-ugnayan sa iyong lokal na awtoridad ng pampublikong kalusugan.

**Magagawa nating lahat ang ating bahagi para pigilan ang pagkalat ng COVID-19. PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG**

Canada.ca/coronavirus  
o makipag-ugnayan sa  
1-833-784-4397

ID 04-06-01 / DATE 2020.06.01